



Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

ANG PANAHOON NG RAHMA

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Auzu Billahi Minashbaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Shaykh Abdullah Daghestani, Shaykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobha, wal khayru fil jamiyya.*

Gumawa ang Allah Azza wa Jalla ng iba't ibang panahon para sa atin. May mga panahon sa mundo at akhira. Tagsibol na ang panahon ngayon sa Mundo. Sa paningin ng Allah azza wa jalla, ang Rajab, Sha'ban at Ramadan ay panahon ng Rahma. May mga banal na gabi din dito, may binigyan ang Allah na 5-10 gabi na puno ng Rahma at barakah. Tanggap ang mga Ibada at duwaa sa gabing ito. Malalaking barakah..

May gabi din ng Juma'ah na mahalaga kada linggo. Ito'y puno din ng barakah, Salamat at araw ng Jumaah sa Sha'ban ngayon at bbukas ay gabi ng Bara'at. Ito'y paminsan nilang sinasabi na huling araw ng taon dahil sa gabing ito ang Rizq ay tinatala at inaayos na sa kung sinoman ang makakatanggap sa darating na taon. Kasama din dito ang pagtala kung sino ang makakaabot pa sa susunod na taon at hindi. Ito'y banal na gabi, kayo'y magsikap magibadah at pahalagahan ang gabing ito.

Ang sabi ng Allah Azza wa Jalla sa mga anghel, maghanap kayo ng mga silang humihingi ng kapatawaran at Rizq sa akin. Sila'y maghahanap hanggang umaga. In Sha Allah, tayo'y kanilang mapuntahan. Hindi sana tayo masama sa mga silang nakalimot sa Allah. Sabi ng Allah azza wa jalla, "Wa Zakkir". Ang Zikr ay isang pagpapaalala.

Ang Zikr ang pinakamagandang ibadah. Ilagay mo sa iyong isipan ang Allah at wag makalimot. Kapag siya'y iyong nakalimutan dun ka na magkakaproblema. Ang mga nakakalimot sa Allah ay mawawala. Lahat ng takot at pangamba ay sa kanila. Kahit ang buong mundo ay mahulog man sa mga taong nagzikr sa Allah, wala silang pakialam dito. Sasabihin nila na sapat na Allah at di sila pumunta dito para sa Mundo. Tayo ay dumating dito para sa Allah, In Sha Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

- | | | | |
|------------|----------|-------------------|---------|
| 1. | Dua | 2. 15th of Shaban | 3. Rizq |
| 4. Mubarak | 5. Ikram | | |

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
20 May 2016/13 Shaban 1437
Sabah Namaz, Akbaba Dargah